



# PATNUBAY SA MISA

8 Oktubre 2017

Ika-27 Linggo sa Karaniwang Panahon

Taon A


## LINGGO NG MGA TAONG KATUTUBO

### LAHAT PARA SA PANGINOON, KASAMA SI MARIANG ATING INA

**S**a ikalawang Linggong ito ng Oktubre, ang buwan ng mga Misyon at buwan din ng Santo Rosaryo, ginaganyak tayong magpalawak ng abot-tanaw ng ating mga malasakit at yakapin ang daigdig ng pag-ibig ni Mariang ina ni Hesus at atin ding ina. Malayo ang mararating ng ating pag-ibig at mga rosaryo sa pagtulong sa ating mga misyonero sa kanilang espirituwal at materiyal na pangangailangan.

Gayunman, ang ikapagiging mabunga ng ating mga panalangin ay depende sa ating pamumuhay. Ang parabula sa Ebanghelyo ngayon ay nagpapaalaala sa ating huwag tayong tumulad sa mga kasamang nagtaksil sa Diyos. Sa halip dapat tayong maging mga tapat na katiwalang naglilingkod sa Panginoon.

Ngayong Linggo ng mga Taong Katutubo, inaasahan din tayong alalahanin at ipagdasal ang mga taong katutubo sa Pilipinas. Pinaaalalahanan tayong kilalanin ang kanilang karapatan at mahal in sila bilang ating mga kapatid.



#### PASIMULA



##### Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

**Dahil sa 'yong kalooban na hindi malalabanan, sanlibuta'y umiiral. Langit, lupa'y 'yong kinapal. Diyos ka ng sanlibutan.**

##### Pagbati

**P** –Ang biyaya at kapayapaan buhat sa Diyos Ama, Panginoong Hesukristo, at Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

**B** –At sumaiyo rin!

##### Pagsisisi

**P** –Lahat tayo'y parang mga kasamang pinaghabilinan ng Panginoon ng ubasan ng ating buhay. Sa pagsisimula natin sa pagdiriwang ng Eukaristiya, tanungin natin ang ating sari-sarili kung paano nating tinungon ang pagkabukas-palad at

pagtitiwala ng Panginoon. (Manahimik saglit.)

**P** –Sa mga paggamit namin ng aming mga katawan sa makasarili at walang pakundangang paraan, Panginoon, kaawaan mo kami!

**B** –Panginoon, kaawaan mo kami!

**P** –Sa paggamit namin ng aming karunungan para sa makasariling layunin o pag-iisip ng masasamang balakin, Kristo, kaawaan mo kami!

**B** –Kristo, kaawaan mo kami!

**P** –Sa aming pagiging sanhi ng pagdaramdam ng aming kapwa, Panginoon, kaawaan mo kami!

**B** –Panginoon, kaawaan mo kami!

**P** –Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

**B** –Amen!

#### Papuri

**B** –Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angkaling kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sa pagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

## Panalanging Pambungad

**P**—Ama naming makapangyarihan, ang iyong dakilang pagka-maawain ay nangingibabaw sa aming ginagawang kabutihan at idinadaing na mga kahilingan. Ang kagandahang-loob mo sa amin ay gawin mong mag-umapaw upang ang kasalanang ipinangangambang ihingi ng kapatawaran ng budhi naming takot na ikaw ay lapitan ay iyong patawarin nang lubusan at ang ipinag-aalangan naming hilingin sa pagdarasal ay iyong pagbigyang aming makamtan sa pamamagitan ni Hesuskristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B**—Amen!

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



### Unang Pagbasa *Isa 5:1-7*

Ang ugnayan ng Israel at ng Panginoon ay sinasagisag ng maraming larawang hango sa karaniwang buhay ng tao. Isa rito ay ang ubasang iniingatan ng Panginoon, ngunit ang mga tao'y di nakatugon sa inaasahan ng May-ari, gaya ng pahiwatig sa Unang Pagbasa.

**L**—Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Isaias

Ako ay aawit sa sinta kong mahal tungkol sa nangyari sa kanyang ubasan: Mayroong ubasan ang sinta kong mutya sa libis ng bundok na lupa'y mataba; hinukayan niya't inalisan ng bato at saka tinamnan ang nasabing dako; mga piling puno ng mabuting ubas itinanim niya sa nasabing lugar; sa gitna'y nagtayo ng isang bantayan at nagpahukay pa ng sadyang pisaan. Pagkatapos nito ay naghintay siya na ang kanyang tanim ay magsipamunga. Ngunit ano ito? Pagdating ng araw ang kanyang napitas ay ubas na ligaw. Kaya't kayo ngayon, taga-Jerusalem, at gayon din kayo, mga taga-Juda, kayo ang humatol sa aming dalawa: Ako, at ang aking ubasan. Ano pa ang aking nakaligtaang gawin sa aking ubasan? Bakit nang ako'y mamitas, sa itinanim kong mabubuting ubas, ang nakuha ko ay ubas na ligaw? Kaya't ito ngayon ang gagawin ko sa aking ubasan: Papatayin ko ang mga halamang nakapaligid dito. Wawasakin ko ang bakod nito. Hahayaan kong ito'y mapasok at sirain ng mga ilap na hayop. Pababayaan ko itong

lumubog sa sukal, mabalot ng tinik at dawag; di ko babawasan ang sanga't dahong labis, di ko pagyayamanin ang mga puno nito; at pati ang ulap ay uutusan ko na huwag magbigay ng ulan. Ang ubasang ito'y ang bayang Israel, at ang Panginoon naman ang siyang nagtanim; ang mga Judiong kanyang inaruga ang mga puno ng ubas. At kanyang hinintay na ito'y gumawa ng mabuti ngunit naging mamamatay-tao, inaasahang magpapairal ng katarungan ngunit panay pang-aapi ang ginawa.

Ang Salita ng Diyos!

**B**—Salamat sa Diyos!

### Salmong Tugunan *Awit 79*

**B**—Panginoon, iyong tanim ang ubasan mong Israel!

*R. M. Velez*



Pa-ngi-no-on, i-yong ta-nim ang



u-ba-san mong Is-ra-el!

\* Mula sa Egipto, ikaw ang naglabas ng puno ng ubas, saka itinanim sa lupang dayuhan, matapos ang tao roo'y palayasin. Hanggang sa ibayo, sa ibayong dagat, ang sangang malabay nito'y nakaabot, pati mga ugat humabang mabuti't umabot sa llog. **B.**

\* Bakit mo sinira? Sinira ang pader, kung kaya napasok nitong dumaraan, pinipitas tuloy yaong bunga nitong tanim na naturan. Mga baboy damong nagmula sa gubat, niluluray itong walang pakundangan, kinakain ito ng lahat ng hayop pawang nasa parang. **B.**

\* Ika'y manumbalik, O Diyos na Dakila! pagmasdan mo kami mula sa itaas, at ang punong ito'y muling pagyamanin, at iyong iligtas. Lumapit ka sana ang puno ng ubas na itinanim mo ay iyong iligtas yaong punong iyon na pinalago mo't iyong pinalakas! **B.**

\* At kung magkagayon, magbabalik kami't di na magtataksil sa 'yo kailanman, kami'y pasiglahi't aming pupurihin ang iyong pangalan. Kami ay ibalik, Panginoong Diyos, at ipadama mo ang 'yong pagmahal. Iligtas mo kami at sa iyong sinag kami ay tanglawan. **B.**

## Ikalawang Pagbasa *Fil 4:6-9*

Dulot ng Ikalawang Pagbasa ngayon ang nakagiginhawang himig pagkat itinuturo nito sa atin kung ano ang dapat na maging karaniwang disposisyon ng isang sumasampalataya. Ang ikalawang bahaging nagtatala ng mga pangunahi't marapat na kabaitang pantao ay binansagang "Ang Panuntunan ng Kristiyanong Pagkatao."

**L**—Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Filipos

Mga kapatid: Huwag kayong mabalisa tungkol sa anumang bagay. Sa halip ay hingin ninyo sa Diyos ang lahat ng inyong kailangan sa pamamagitan ng panalanging may pasasalamat. At ang di-malirip na kapayapaan ng Diyos ang mag-iingat sa inyong puso at pag-iisip sa pamamagitan ni Kristo Hesus.

Sa wakas, mga kapatid, dapat maging laman ng inyong isip ang mga bagay na karapat-dapat at kapuri-puri: mga bagay na totoo, marangal, matuwid, malinis, kaibig-ibig, at kagalang-galang. Isagawa ninyo ang lahat ng inyong natutuhan, tinanggap, narinig, at nakita sa akin. Kung magkagayon, sasainyo ang Diyos na nagbibigay ng kapayapaan.

Ang Salita ng Diyos!

**B**—Salamat sa Diyos!

### Aleluya *Jn 15:16*

**B**—Aleluya! Aleluya!

Hinirang tayo ni Kristo upang mamungang totoo bilang mabubuting tao. Aleluya! Aleluya!

### Mabuting Balita *Mt 21:33-43*

Sa maririnig nating Ebanghelyo, naglilipat-pansin tayo sa mga katiwalang magsasaka mula sa sagisag na ubasan. Kinakatawan ng mga ito di lamang ang mga relihiyosong pinuno ng mga Taong Hinirang noong panahon ni Hesus kundi ang lahat ng lubos na pinagkatiwalaan ng Diyos.

**P**—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo  
**B**—Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, sinabi ni Hesus sa mga punong saserdote at matatanda ng bayan: "Pakinggan ninyo ang isa pang talinghaga. May isang taong nagtanim ng ubas sa

kanyang bukid, at ito'y binakuran niya. Gumawa siya roon ng pisaan ng ubas, at nagtayo ng isang mataas na bantayan. Pagkatapos, kanyang iniwan sa mga kasama ang ubasan, at siya'y nagtungo sa ibang lupain.

Nang dumating ang panahon ng pitasan, pinapunta ng may-ari ng ubasan ang kanyang mga alipin upang kunin sa mga kasama ang kanyang kaparte. Ngunit sinunggan ng mga kasama ang mga alipin; binugbog nila ang isa, pinatay ang ikalawa, at binato naman ang ikatlo.

Pinapunta uli ng may-ari ang mas maraming alipin, ngunit gayon din ang ginawa ng mga kasama sa mga ito.

Sa kahuli-huliha'y pinapunta niya ang kanyang anak na lalaki. 'Igalalang nila ang aking anak,' wika niya sa sarili. Ngunit nang makita ng mga kasama ang anak, sila'y nag-usap-usap: 'Ito ang tagapagmana. Halikayo! Patayin natin nang mapasaatin ang kanyang mamanahin.'

Kaya't siya'y sinunggan nila, inilabas sa ubasan at pinatay.

Pagbalik ng may-ari ng ubasan, ano kaya ang gagawin niya sa mga kasamang iyon?" Sumagot sila, "Lilipulin niya ang mga buhong na iyon, at paaalagaan ang ubasan sa ibang kasama na magbibigay sa kanya ng kaparte sa panahon ng pamimitas."

Tinanong sila ni Hesus, "Hindi pa ba ninyo nababasa ang talatang ito sa Kasulatan?"

'Ang batong itinakwil ng mga tagapagtayo ng bahay ang siyang naging batong panulukan. Ginawa ito ng Panginoon, at ito'y kahangahanga!'

Kaya nga sinasabi ko sa inyo: hindi na kayo ang paghaharian ng Diyos kundi ang bansang maglilingkod sa kanya nang tapat."

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

**B – Pinupuri ka namin, Panginoon ng Hesukristo!**

### Homiliya

#### Sumasampalataya

**B –** Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus,

namatay, inililing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

#### Panalangin ng Bayan

**P –** Nagpapasalamat tayo sa pagtitiwala ng Panginoon at sa Kanyang pagiging bukas-palad sa atin. Idulog natin ang ating mga kahilingan sa Kanya para sa lahat ng pangangailangan ng sangkatauhan, ng Simbahan, at ng bawat isa sa atin. Maging tugon natin ay:

#### **B – Panginoon, dinggin mo kami!**

\* Nawa maging laging handog sa Panginoon ng buong pamayanan ng mga Katolikong sumasampalataya ang mga bunga ng katapatan, pagiging masunurin, at paglilingkod. Manalangin tayo! **B.**

\* Nawa gabayan tayo ng lahat nating pinunong espirituwal at pambayan sa pamamagitan ng mabuting halimbawa ng tapat na paglilingkod sa Panginoon at sa gayo'y maitatag ang Kaharian ng Diyos sa lupa. Manalangin tayo! **B.**

\* Nawa magbungang sagana ang mga pagsisikap ng ating mga misyonero at boluntaryong laiko sa mga bansang kanilang pinaglingkuran. Manalangin tayo! **B.**

\* Nawa lahat ng mga taong katutubo ay bigyang kakayahan upang maipagtanggol ang lupain ng kanilang mga ninuno, yaman ng kanilang kultura, at kanilang mga karapatan bilang mamamayan, sa tulong ng pamahalaan at kanilang mga kapwa Pilipino. Manalangin tayo! **B.**

\* Nawa tutulan nating lahat ang anumang uri ng pagpatay – tulad ng pagpapalaglag, parusang kamatayan, *euthanasia*, at di

makatarungang pagpaslang – at sa halip ay protektahan at igalang ang buhay. Manalangin tayo! **B.**

\* Nawa magpugay sa Diyos ang ating pamayanan at mga mag-anak sa lahat ng oras at puspusin ang kanilang mga isipan ng pawang mabuti, dalisay, at banal. Manalangin tayo! **B.**

\* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahilingan. (*Tumigil saglit.*)

Manalangin tayo! **B.**

**P –** Panginoong Diyos, bukal ng aming pag-asa't pagiging mabunga, salamat sa lahat ng Iyong tiwala at tiyaga sa amin. Nawa ang aming buhay ay maging awit ng papuri at pasasalamat sa Iyong nabubuhay at naghahari magpakailanman.

**B – Amen!**



**P –** Manalangin kayo . . .

**B –** Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

#### Panalangin ukol sa mga Alay

**P –** Ama naming Lumikha, tanggapin mo ang paghahain ng mga alay na iyong inihabilin at sa pagdiriwang ng dapat naming ganapin ang kabanalan ng iyong pagliligtas nawa'y sumaaamin sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B – Amen!**

#### Prepasyo VII

**P –** Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan.

Kahit na ikaw ay pinagtaksilan ng sangkatauhan, ikaw ay patuloy pa rin sa iyong pagmamahal. Ikaw na ang nagpuno sa aming pagkukulang; ikaw pa rin ang nagsugo ng tutubos sa tanan. Ang sugo mong Anak ay naging di na iba sa amin bagama't di niya tinularan ang aming pagkamasuwayin. Niloob mo ito upang iyong mamalas sa aming pagkatao ang giliw mong Anak

at kami'y tungkahan mong may pag-ibig na tulad ng pagtatangi mo sa kanya nang higit sa lahat. Ang katapatan niya sa iyong walang maliw ay nagpanumbalik na muli sa amin ng iyong kasiyaha't ng iyong pagtingin na aming iwinaksi noong ikaw ay aming suwayin.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

**B– Santo, santo, santo . . .**

### Pagbubunyi

**B –Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.**



**B– Ama namin . . .**

**P– Hinihiling namin . . .**

**B– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

### Paanyaya sa Kapayapaan

### Paghahati-hati sa Tinapay

**B– Kordero ng Diyos . . .**

### Paanyaya sa Pakikinabang

**P–** Ito si Hesus, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

**B– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

### Antipona ng Pakikinabang

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Ang Panginoon'y dakila sa kabutihan n'yang kusa para sa nagtitiwala sa kanyang habag at awa na kanyang dulot sa madla.**

### Panalangin Pagkapakinabang

**P–** Ama naming mapagmahal, ipagkaloob mong sa pagsasalos namin sa pagkai't inuming banal

kami ay maging Katawan ni Kristo na aming pinakinabangan sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B– Amen!**



**P–** Sumainyo ang Panginoon.

**B–** At sumaiyo rin!

**P–** Pagpalain kayo ng makapang-yarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

**B– Amen!**

**P–** Humayo kayo sa kapayapaan at maging kasangkapan nawa kayo ng pag-ibig ng Diyos para sa lahat.

**B–** Salamat sa Diyos!

### MAHALAGA

Inaanyayahan ang lahat na dasalin ang *Morning Glory Consecration Prayer* (Pagtatalaga kay Hesus sa pamamagitan ni Maria).

Sangguniin ang dasal sa [www.wordandlife.org/downloads-2/](http://www.wordandlife.org/downloads-2/) o sa Facebook: **A Million Hearts for Mary**

### Fatima Hindi Lang Isang Debosyon Kundi Ating Misyon (Ikalawang Bahagi)

• **Glady V. Ramos (Salin ni Jenrose Dy)**

*(Tala ng Editor: Sa pagpapatuloy ng ating pagdiriwang ng ika-100 Taong Anibersaryo ng Pagpapakita sa Fatima, ipinagpapatuloy din natin ang tampok na artikulong nailathala sa **Word & Life, August-September issue.**)*

#### 5 Unang Sabadong Debosyon

Sinabi ng Mahal na Birhen kay Lucia sa kanyang pagpapakita noong Hulyo, "Pupunta ako upang hilingin . . . na sa Unang Sabado ng bawat buwan, ang mga Komunyon ng pagbabayad-sala ay gagawin sa ikatutubos ng mga kasalan ng mundo.

Noong ika-10 ng Disyembre, 1925, nagpakita ang Sanggol na si Hesus kay Lucia at nagsabing, "Kahabagan mo ang Puso ng iyong Kabanal-banalang Ina. Ito'y napaliligiran ng mga tinik na itinusok bawat sandali ng mga taong walang-utang na loob, at walang sinumang nagtatanggal sa mga ito sa pamamagitan ng pagbabayad-sala."

Kaya't hiniling ni **Maria** na sa bawat **Unang Sabado sa limang magkakasunod na buwan, ialay** natin ang mga sumusunod para sa kabayaran ng mga kasalanan **para sa kanyang Kalinis-linisang Puso:**

1. **Mangumpisal** (maaari itong gawin 8 araw bago o pagkatapos ng Unang Sabado, ngunit dapat tayo ay nasa "state of grace" sa pagtanggap ng Banal na Eukaristiya)
2. **Magsimba** at tanggapin ang **Banal na Eukaristiya**
3. Magdasal ng 5 dekada ng **Santo Rosaryo**

#### 4. Manatiling kapiling si Maria

sa loob ng 15 minuto habang **pinagninilayan** ang mga misteryo ng Santo Rosaryo. (Ang pagninilay kahit sa isang misteryo lamang ay sapat na. Ito ay karagdagan sa pagdarasal ng Santo Rosaryo.)

Para sa mga makakumpleto sa 5 Unang Sabado, may isang magandang pangako si Maria, **"Ipinangako kong tutulungan ko (sila) sa oras ng kamatayan na may karampatang biyayang kailangan para sa kaligtasan."**

Ipinaliwanag ni Hesus na ang 5 Unang Sabadong hiling ni Maria ay kabayaran para sa 5 uri ng kasalanan at kalapastanganang ginagawa sa kanyang Kalinis-linisang Puso, kabilang na ang mga kasalanan sa kanyang: 1) Kalinis-linisang Paglilahi, 2) pagkabirhen 3) Kabanal-banalang pagdadalantao, 4) ng mga lantarang nagtatanim sa puso ng mga bata ng pagwawalang-bahala o maging poot para sa ating Mahal na Birhen, 5) ng mga direktang paglapastangan sa kanyang mga banal na imahe.

Sa sandaling makumpleto na natin ang 5 Unang Sabado, maaari pa din tayong magpatuloy sa ating debosyon para sa kagalingan ng Kalinis-linisang Puso ni Maria at ang pagtubos sa mga kasalanan ng mundo.



**WORD & LIFE PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: [www.wordandlife.org](http://www.wordandlife.org)

• E-mail: [marketing@wordandlife.org](mailto:marketing@wordandlife.org), [wordandlifepublications@gmail.com](mailto:wordandlifepublications@gmail.com) • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, G. Ramos, V. David, J. Dy, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: R. Saldua